SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

# PAGSUSURI SA KAMALIAN SA PAGGAMIT NG INGKLITIK SA TEKSTONG NARATIBO NG MGA MAG-AARAL

**Kareen Joy N. Siano, LPT**
*Teacher 1, Mati National Comprehensive High School, Mati City, Davao Oriental*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra18205**
**DOI No: 10.36713/epra18205**

*Nilalayon ng diskursong pagsusuri na pag-aaral na ito na malaman at masuri ang mga kamaliang natamo sa paggamit ng inklitik sa pagsulat ng tekstong naratibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa isang pampublikong paaralan sa sangay ng Siyudad ng Mati, sa Taong-Panuruan 2023-2024. Sa pagsusuri sa mga kamaliang natamo ng mga mag-aaral ay ginamit ang limampung (50) akdang pampanitikan partikular na ang sanaysay bilang korpora sa ginawang pag-aaral. Gumamit ng disenyong kwalitatibo na may lenteng error analysis na sang-ayon sa kategoryang iminungkahi ni Corder. Sa pagsusuri sa korpora ng mga mag-aaral lumabas ang kamalian sa apat na kategorya ni Corder (Omission, Addition, Misinformation, at Misorder). Sa kategoryang pagkakaltas lumabas ang pagkaltas sa ingklitik na rin, daw, at raw. Sa kategoryang pagdaragdag natuklasan naman ang pagdaragdag ng raw, daw/umano, at dito. Sa ikatlong kategoryang naman na misinformation o maling pagpili ng ingklitik ay malinaw ang kamalian sa maling pagpili ng ingklitik na din/rin, dito/rito, pa rin, na rin, na raw, dito/rito, at daw/raw. Para naman sa kategoryang maling pagkakaayos tiyak ang natuklasan sa kamalian sa paggamit ng raw/daw at din/rin. Ukol naman sa kung paano nakaapekto ang kamalian sa kawastuhan ng kanilang tekstong naratibo, lumabas ang mga sumusunod na konsepto: nagdudulot ng kalituhan sa pag-unawa, nahahadlangan ang kakayahang magpahayag ng ideya, at nalilimitahan ang kaalaman sa paglilimi ng preskriptibong tuntunin ng wika., at nagsisilbing palatandaan sa mga guro sa pagsukat ng natutuhan sa target na wika. Ang pag-aaral na ito ay magiging ambag sa propesyon ng pagtuturo at sa patuloy na pananaliksik bilang gabay at patnubay sa pagtugon sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa morpolohiya o palabuoan ng mga salita.*

**MGA SUSING SALITA:** *omission, addition, misinformation, misorder, ingklitik, tekstong naratibo, korpora, akdang pampanitikan, Siyudad ng Mati*

## INTRODUKSYON

Dulot ng pagiging dinamiko ng wikang Filipino, nagdulot ito ng kahirapan sa pag-aangkop ng isang indibidwal sa kanilang pagpapapahayag. Wika ang lehitimong behikulo sa pangkalahatang pagpapahayag ng isang tao kung kaya kinakailangan bigyang-tuon ang nilalayon ng isang mensahe. Isa sa mga dagok sa pang-akademikong mundo sa pagsulat ay ang karanasan sa kamalian sa paggamit ng ingklitik. Mapapansin ang kamalian dahil sa kakulangan sa pag-unawa at pagkakaroon ng maling interpretasyon na maaaring humantong sa paulit-ullit na pagkakamaling sintaktikal at maling pagpapakahulugan sa pahayag.

Sa *Russia*, may mga estudyanteng nagsasalita ng *Romanian* at nahihirapan silang gumamit ng mga kataga dahil hindi sila sanay sa kanilang wika (Ivancu, 2019). Nagkakaroon din ng kahirapan sa bokabularyo dahil limitado lamang ang nalalaman at nauunawaan ng mga mag-aaral sa bansang *Japan (*Shibatani, 2023*)*. Sa *Indonesia* naman ayon kay Kashyap (2022) nagkakaroon ng kamalian sa paggamit ng ingklitik sa *Junior High School* dahil sa kahirapan sa pagsasalin at malimit na nagkakaroon ng kalituhan sa mga tuntunin sa gramatika kaya nagkakaroon ng kamalian sa paggamit ng mga kataga o ingklitik sa pagbuo ng pangungusap (Ratna, 2020).

Sa Pilipinas, ayon sa pananaliksik nina Garcia at Morong (2020), madalas kapansin-pansin ang pagpapalit ng ponemang /e/, /i/, at /u/. Pinapatunayan ito sa pag-aaral na isinakatuparan taong 2020 sa Bukidnon, isa sa nakaimpluwensiya sa kamalian ay ang kasanayan sa paggamit ng wikang banyaga kung kaya naiimpluwensiyahan din ang karunungan ukol sa pang-akademikong disiplina sa preskriptibong balarila sa wikang Filipino (Phlib, 2019). Kung hindi nauunawaan ang mga salita o parirala na kailangan nilang gamitin sa pagsusulat, maaaring malito sila at hindi makapagsulat ng magandang piyesa (De Los Reyes, 2021).

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

Sa Sangay ng Lungsod ng Mati, batay sa aking karanasan bilang tagapagturo ng Filipino ay nagkakaroon ng kahirapan ang mga mag-aaral sapagkat madalas na napagpapalitan ng posisyon ang mga ingklitik. Malaki rin ang impluwensiya ng paggamit ng wikang balbal at maging ang mga terminong mababasa sa mga *networking sites* na palasak na ginagamit ng mga kabataang *netizens* sa kasalukuyang henerasyon (Noval, 2021). Ang madalas na mga nauusong bagong usbong na mga salita sa *networking sites* ang karaniwang pinag-aaralan kung kaya nakalilimutan nila ang tamang gamit ng mga wika sa tuntuntin ng balarila (Velasquez, 2023). Kasabay nito, kakikitaan ng kahinaan ang mga *millennials* sa paggamit ng ingklitik sa palabuoan ng salita kahit nakaapak na sa ikasampung baitang na kung saan indikasyon ng walang sapat na kaalaman sa wika at balarila.

Bagaman may pagkakatulad ito sa ginawang pananaliksik ni Klimenko (2022) sa pag-aaral ng ingklitik na pinamagatang “Conjunctions, Clisis and Topicalization in Tagalog” subalit nakatuon lamang sa pasusuri sa kategorya ng mga ingklitik. Gayundin ang pag-aaral nina Sawayan et al. (2020) na pinamagatang Kasanayan ng mga Piling Mag-aaral ng Senior High School sa Dalawang Mataas na Paaralan sa Sangay ng Malaybalay sa Paggamit ng Ingklitik na nakapokus sa pagsusuri sa bahagdan ng mga mag-aaral na may kasanayan sa wastong gamit ng ingklitik. Naiiba ang pag-aaral na ito sapagkat ito ay nakatuon sa pagsusuri ukol sa kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng ingklitik sa tekstong naratibo. Gayunpaman, ang magiging saklaw at limitasyon at ang pagkukunan ng datos ng pananaliksik na ito ay magkaiba.

Malaking tulong ang pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito upang masuri ang kamalian sa paggamit ng mga ingklitik sa pagsulat ng tekstong naratibo at mabigyang kalutasan ang mga kahirapang kinakaharap ng mga mag-aaral partikular na sa morpolohikal na aspekto. Bilang isang tagapagturo, mahalagang masuri ang kamalian sa paggamit ng ingklitik upang malaman kung saan madalas magkamali ang mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mabubuo at mapagnilayan ng mga tagapagturo ang mga angkop na estratehiya kung paano ituro ang wastong gamit ng ingklitik. Ito ay maaaring makabuluhang makapagbubukas sa mga mamamayan sa komunidad lalong-lalo na ang mga liblib na lugar upang mabuksan ang aktibong pagsasagawa ng *trainings*, *seminar*, at *symposium* upang maging maalam hinggil sa tamang gamit ng inglitik sa isang pang-akademikong diskurso nang mapagbuti ang kasanayan sa pagsulat sa pangkalahatan.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pangunahing tunguhin ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay magkaroon ng koleksyon ng korpora tungkol sa natamong kamalian sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng tekstong naratibo ng mga mag-aaral. Isasagawa ang pag-aaral na ito sa isa sa pampublikong paaralan sa sangay ng Mati, Davao Oriental na nakatuon sa ikasampung baitang.

Sa karagdagan, ninanais din malaman ng mananaliksik ang lawak ng epekto sa pasulat na kasanayan ng mga kamaliang natamo sa paggamit ng ingklitik sa kanilang ginawang tekstong naratibo. Dagdag pa rito, hangarin ng pag-aaral na tuluyang mapalawak ang kaalaman ng mga estudyante sa alituntunin ng preskriptibong balarila na makatutulong sa pagdaragdag ng butil ng kaalaman sa paggawa ng anumang uri ng pang-akademikong sulatin.

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga kamaliang nakita sa paggamit ng ingklitik sa mga isinulat na tekstong naratibo?
2. Paano nakaaapekto ang mga kamalian sa paggamit ng ingklitik sa mga isinulat na tekstong naratibo?

## METODOLOHIYA

Gumamit ng kwalitatibong disenyo ang malalim na pagsisiyasat na ito na nakapokus sa pagsusuri sa kamalian sa paggamit ng ingklitik sa tekstong sulatin. Upang tukuyin, suriin, at ilarawan ang mga kamalian sa paggamit ng ingklitik. Gumamit din ito ng apat na kategorya ng pagsusuri sa pagkakamali na aktuwal na makikita sa mga korpus. Ang magiging korpora ay ang tekstong naratibo na magiging pormal na instrumentong pang-diskurso. Malinaw na hindi mangangailangan ng mga kalahok sapagkat ito ay nakapokus lamang sa malalimang imbestigasyon ng materyal partikular na ang ingklitik sa tekstong naratibo bilang korpora na gagamitin bilang magiging instrumento.

Ang instrumento ay nakabatay sa limampung (50) sariling tekstong naratibo partikular na ang pagsulat ng maikling kwento gamit ang mga ingklitik na nasa Pambansang Mataas na Paaralan mula sa isa sa mga pampublikong paaralan ng Sangay ng Siyudad ng Mati, lalawigan ng Davao Oriental.

Sa pagsusuri sa kamalian sa paggamit ng ingkiltik sa sulatin sa Filipino, ang mga korporang nakalap mula sa mga kalahok ay inihanay base sa panukatan na ito: (a) ang tekstong naratibo ay sariling likha ng mag-aaral; (b) ang mga kalahok ay nasa Ikasampung Baitang sa Taong Panuruan 2023-2024; (c) upang makakalap ng sapat na datos para sa pagsusuri, ang bubuoing sariling tekstong naratibo ay

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

gagamit ng mga ingklitik partikular ang gamit ang mga ingklitik na daw/raw, din/rin, at dito/rito sa sulatin. Tiniyak na ang pangalan ng mga kalahok ay hindi ibubunyag bilang pagtalima sa pagkapribado ng kanilang datos.

## MGA RESULTA

Sa bahaging ito inilarawan ang natuklasang resulta hinggil sa mga kamaliang natamo ng mga mag-aaral sa paggamit ng ingkltik sa pagsulat ng kanilang teksong naratibo. Sinuri rito ang koleksyon ng mga tekstong naratibo na isinumite ng mga kalahok sa pag-aaral batay sa kategorya ayon sa balangkas na ibinatay kay Corder (1974) na kinabibilangan ng pagkilala sa kamalian, modipikasyon, at pagbigay ng masusing paglalarawan ng mga natukoy na pagkakamali.

Base sa inihanay na tekstong naratibo, nakita ang apat na kategorya, ito ay ang (1) pagkaltas, (2) pagdagdag, (3) hindi maayos na kaangkupan na gamit ng ingklitik, at (4) ang maling pagkahanay ng mga kataga sa posisyon. Tinitiyak ang mga pagkakamali, at anumang pagbabago na ginawa ay masusing inilalarawan ang nasabing kamalian batay sa pagsusuring iminungkahi ni Corder (1974).

**Talahanayan 1**
**Mga Kamalian sa Pagkaltas ng Ingklitik sa Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Tekstong Naratibo**

| **KLASIPIKASYON**<br><br>**Uri ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik** | **KORPUS**<br><br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br><br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **PAGSUSURI** |
|---|---|---|---|
| Pagkaltas ng Ingklitik | *At meron kaming nasagasa na hayop at natumba kami sa aming sinasakyan na motor kasi hindi namin nakita na meron dadaan kaya natumba kami. (APK_11)* | Mayroon daw kaming hayop na [nasagasaan] dahilan kaya natumba ang aming sasakyan. Hindi [**rin**] namin nakita na mayroon [**pa lang**] daraan kaya [naaksidente] kami. | Sa halimbawang tekstong naratibo na ito, ang kalahok ay nagkaroon ng kamalian sa pagtanggal ng ingklitik na "rin" at pa lang.<br><br>Mula sa pahayag na ito, hindi angkop na hindi isingit ang ingklitik na rin at pa lang sapagkat sa tuntunin ng pagkasunod-sunod kailangan idagdag ang paningit na rin/din upang magbigay-diin sa nais iparating ng pahayag. Sa pagtatala ng pagdaragdag ng pangyayari ay kailangan isingit ang din/rin upang makilala ang idinaragdag. |
| Pagkaltas ng Ingklitik | *Bukas lang kita mamahalin. APK_32* | Bukas **na** lang kita mamahalin. | Sa tekstog naratibo na ito, makikita ang kamalian ng mag-aaral sa pagkaltas. Mapapansin sa tekstong naratibo na isinulat ng mag-aaral na hindi naging malinaw ang pahayag dahil kulang ito ng ingklitik na ginamit. Sa pagwawasto nito na dinadagdagan ng ng ingklitik na /na/ bago ang ingklitik na lang higit na naging malinaw ang nais ipahatid ng pahayag. |
| Pagkaltas ng Ingklitik | *Siguro hihinto ako sa pag-aaral sa darating na pasukan. APK_25*<br><br>*Nasasaktan ako sa kanyang mga sinasabi, nawalan na ako nang gana. APK_14* | Siguro hihinto **muna** ako sa pag-aaral sa darating na pasukan.<br><br>Nasasaktan ako sa kanyang mga sinasabi, **tuloy** nawalan na ako nang gana. | Sa isinulat ng isang mag-aaral na tekstong naratibo, makikita ang pagkakaltas ng ingklitik na muna at tuloy nagdulot ito ng kakulangan ng ideya. Hindi naging naipapakita sa pahayag ang walang katiyakan na mangyayari sa darating na pasukan.<br><br>Ang pagkakaltas ng ingklitik ay nakapagdudulot ng kawalang-kabisaan sa isang pahayag. Mapapansin sa isinulat na tekstong naratibo ng isang mag-aaral na na sanhi ng pagkakaltas sa ingklitik na tuloy dahil lubusang naipapalabas ang diwa ng isang pahayag. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 2**
**Mga Kamalian sa Pagdagdag ng Ingklitik sa Tekstong Naratibo ng mga Mag-aaral**

| **KLASIPIKASYON**<br><br>**Uri ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik** | **KORPUS**<br><br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br><br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **PAGSUSURI** |
|---|---|---|---|
| Pagdagdag ng ingklitik | *Sabi **raw** ng aking ina ako **raw** ang pinaka maliit na babae sa aming mga mag pipinsan kasi maliit ako nong sanggol pa ako. (APK_9)* | Sabi ng aking ina ako **raw** [ang pinakamaliit] na babae sa aming magpipinsan kasi maliit ako noong [isinilang] ako. | Sa halimbawang tekstong sulatin na ito, malinaw na nakatamo ng kamalian sa pagdaragdag ng ingklitik na raw.<br><br>Ang dobleng paggamit ng raw ay maaaring magdulot ng kaguluhan sa buong diwa ng pahayag. Iwasan ang paggamit ng dalawang iisang ingklitik sa pagbibigay-diin sa pangungusap sapagkat nagbibigay lamang ito ng di makabuluhang pag-uulit o *redundancy*. |
| Pagdagdag ng Ingklitik | *Ang tanawin parin walang rin daw kakupaskupas ang ganda **daw umano** at ang sariwa ng hangin daw sa bukid. (APK_17)* | Wala pa ring kakupas-kupas **daw/umano** (pumili lang ng isa) ang ganda ng tanawin at ang sariwa ng hangin sa bukid. | Ang halimbawang korpus na ito ay kakitaan ng pagdaragdag ng ingklitik na daw at salitang umano. Ang daw at umano ay kapwa nangangahulugang pag-uulit muli ng isang pahayag mula sa ibang tao upang ipasa ang mensahe. |
| Pagdagdag ng paulit-ulit na parehong ingklitik sa loob ng pangungusap | *Maraming bagay na nangyayari lalo na sa aking sarili sapagkat kaibigan ko noon ang mga lalaki at dahil **dito** ay lumaking tomboy ngunit hindi na ngayon ngunit **dito** rin ako natuto maging malakas at masipag na babae, at **dito** rin ako natuto maging isang independent at creative sa sarili kong gawa. (APK_22)* | Maraming bagay ang nangyari lalo na sa aking sarili sapagkat ang mga kaibigan ko noon ay pawang mga lalaki kaya lumaki akong tomboy ngunit dahil **dito** natuto akong maging malakas at masipag at maging *independent* at *creative* sa sarili. | Sa korpus na ito, nagkaroon ng kamalian sa pagdaragdag ng ingklitik na dito. Kung pagbabatayan ang paulit-ulit na paggamit ng dito ay nagkakaroon ng di malinaw na tuon ang pahayag. Nagiging magulo ang nais iparating na mensahe. Batay sa tuntunin ng preskriptibong balarila, ang pagdurugtong ng pare-parehong ingklitik ay nagdudulot ng kalituhan sa buong diwa ng pangungusap. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 3**
**Mga Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik sa Tekstong Naratibo ng mga Mag-aaral**

| **KLASIPIKASYON**<br><br>**Uri ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik** | **KORPUS**<br><br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br><br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **PAGSUSURI** |
|---|---|---|---|
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Bukas ko **nalang** ipagpatuloy ang aking ginagawa kasi inaantok na ako. APK_28* | Bukas ko [**na lang**] ipagpatuloy ang aking ginagawa kasi inaantok na ako. | Mababakas ang paggamit ng dalawang ingklitik sa pangungusap. Subalit ang dalawang ingklitik na ito ay idikit na hindi naa man maaari. Ang dalawang ingklitik ay may iba't ibang kahulugan at gamit sa isang pahayag. |
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Bata **palang** ay namulat na ako sa katotohanan na kami ay mahirap lang **naman**. Ngunit ganon **paman** ay masaya at simple ang aming pamumuhay. APK_25* | Bata [**pa lang**] ay namulat na ako sa katotohanan na kami ay mahirap lang. Ngunit ganon [**pa man**] ay masaya at simple ang aming pamumuhay. | Sa halimbawang korpus na ito, kapansin-pansin ang kamalian sa angkop na anyo na gamit ng pa lang at pa man. Gaya ng aking nabanggit sa unang paliwanag na hindi maaring pagsamahin sa iisang salita ang dalawang ingklitik sapagkat magkaiba ang kahulugan ng bawat elemento nito. Hindi rin angkop ang paggamit ng katagang naman sapagkat ang kahulugan nito ay 'instead' na hindi akma sa diwa ng pahayag. |
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Nong na ka idad ako ng 10 ay narealize ko na ang pag palo pala sa atin ay para **din** sa ating kapakanan. (APK_1)* | Noong ako'y nasa edad 10, napagtanto ko na ang pagpalo pala ay para **rin** sa ating kapakanan. | Sa halimbawang tekstong sulatin na ito, ang mag-aaral ay nakatamo ng kamalian sa hindi angkop na pagpili ng ingklitik na din. Sa tuntunin ng balarila, gagamitin ang din, kapag ang sinundang salita ay nagtatapos ra, re, ri, ro, raw at ray, at sa mga katinig, maliban sa malapatinig na w at y; rin naman kung nagtatapos sa patinig at malapatinig na /w/ at /y/. Samakatuwid, dahil ang huling titik bago pa man ang ingklitik na din ay patinig kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/, ibig sabihin rin ang dapat ikabit na ingklitik dito. |
| | *Kahit iyak at luha ang naabutan ko kay mama ay hindi **parin** nagpapadala dahil sa tigas ng ulo ko ay naglalaro **parin** sa labas. (APK_3)* | Kahit iyak at luha ang naabutan ko kay mama ay hindi **pa rin** ako [nadadala] dahil sa tigas ng aking ulo ay naglalaro **pa rin** ako sa labas. | Ang naratibong ito ay kakitaan ng kamalian sa maling paggamit ng ingklitik na pa at rin. Ang dalawang paningit ay pawang mga ingklitik at magkaiba ang kahulugan at gamit nito sa isang pahayag. Ang pa ay "still" sa Ingles at ang rin ay "too" na ginagamit sa pagsang-ayon sa isang ideya o pahayag. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Hindi* ***parin*** *kami makakain dahil sa paglalaro at naghahanap kami ng makakain dahil palagi kaming pumunta sa aming bukid. (APK_5)* | Hindi **pa rin** kami makakain dahil sa paglalaro at naghahanap kami ng makakain dahil palagi kaming pumupunta sa aming bukid. | Samakatuwid, hindi maaaring ikabit sa iisang salita ang dalawang ingklitik na pa at rin sapagkat hindi ito naaayon sa wastong pagpapakahulugan ng salita dahil sa pagkakaiba ng kahulugan ng dalawang ingklitik. |
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Sakto alas 2 ng hapon lumabas ako sa aming bahay pati* ***nadin*** *kapatid ko. (APK_49)* | Sakto alas 2 ng hapon lumabas ako sa aming bahay pati **na rin** ang kapatid ko. | Sa tekstong sulatin na ito, nagkaroon ng kamalian sa sa maling gamit ng ingklitik na na at din. Katulad ng nabanggit ko sa itaas, hindi maaaring ikabit sa iisang posisyon ang dalawang ingklitik dahil magkaiba ang kahulugan ng nito kung kaya't kinakailangan sa pagbuo ng salita ay malaman ang tuntunin ng wika.<br><br>Upang maiwasto ito ang angkop na pagkabuo ng salita ay "na rin". Sapagkat ayon sa tuntunin, kapag ang naunang salita ay nagtatapos sa patinig ay kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/. |
| Kamalian sa Angkop na Anyo ng Gamit ng Ingklitik | *Noong akoy musmus* ***palamang*** *ay iniwan na kami ng aming ina. APK_38* | Noong ako'y musmos **pa lamang** ay iniwan na kami ng aming ina. | Batay sa tekstong sulatin na ito, makikita ang kamalian sa angkop na anyo ng gamit ng ingklitik na pa lamang. Kung ating susuriin batay sa halimbawang kurpos, malinaw ang kapuna-punang pagkakabit ng mag-aaral sa dalawang magkaibang kataga bilang isang salita. Kung isa-isahin ang katagang ito, ang katagang pa ay nangangahulugang 'already' at lamang ay 'only'. Malinaw na magkaiba ang kahulugan ng bawat kataga. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 4**
**Mga Kamalian sa Pagkakaayos ng Posisyon ng Ingklitik sa Pagsulat ng Tesktong Naratibo ng mga Mag-aaral**

| **KLASIPIKASYON**<br><br>**Uri ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik** | **KORPUS**<br><br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br><br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **PAGSUSURI** |
|---|---|---|---|
| Maling Pagkakaayos ng Posisyon ng Ingklitik | *Noong bata pa* ***raw*** *kami ng aking pinsan, palagi* ***raw*** *kami magkaaway nito araw-araw at palagi naman* ***daw*** *kami magkaayos. (APK_37)* | Noong bata pa kami ng aking pinsan, palagi **raw** kami magkaaway nito [ngunit] palagi **rin** naman kaming [nagkakaayos]. | Sa korpus na ito, mapapansin ang kamalian sa maling posisyon ng ingklitik na raw. Batay sa tuntunin ng preskriptibong balarila, ang pagdurugtong ng doble-dobleng pag-uulit ng iisang ingklitik sa loob ng pangungusap ay labis na ipinagbabawal. Nagdudulot lamang ito ng kalituhan sa buong diwa ng pangungusap. |
| Maling Pagkakaayos ng Posisyon ng Ingklitik | *Kahit ganon ang nangyari ay marami* ***pa din daw*** *ang sumusuporta sa akin. APK_26* | Kahit gano'n ang nangyari ay marami **pa rin naman** ang sumusuporta sa akin. | Sa korpus na ito, naging kapuna-puna ang maling pagkakaayos ng mga ingklitik.<br><br>Ang paggamit ng daw bilang ingklitik sa pahayag ay hindi akma sapagkat ang pahayag ay hindi ipinaabot lamang kundi isa itong pagpapatunay na nangangahulugang 'instead' na akma sa kabuoang diwa ng pahayag. |
| Maling Pagkakaayos ng Posisyon ng Ingklitik | *Hindi na ako masyadong lumalabas ng bahay kasi nga hindi* ***nga lang naman*** *ako bata. APK_30* | Hindi na ako masyadong lumalabas ng bahay kasi hindi **na nga** ako bata. | Batay sa tekstong sulatin na ito, lantad ang kaguluhan sa pagkakaayos sa paggamit ng ingklitik sa pahayag. Hindi naging malinaw ang nais iparating ng tagapagsalita upang ipaliwanag ang kaniyang karanasan bilang nagdadalaga. Hindi kailangan ikabit ang hindi na kinakailangang kataga dahil nagdudulot lamang ito ng kalituhan. |

**Talahanayan 5**
**Epekto ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik sa Kawastuhan ng Tekstong Naratibo ng mga Mag-aaral**

| Epekto ng Kamalian sa Paggamit ng Ingklitik | Halimbawang Pahayag | Pagwawasto sa Kamalian | PAGSUSURI |
|---|---|---|---|
| Nagdudulot ng Kalituhan sa Pag-unawa | *Sinubukan ko naman na humakbang pa* ***tuloy*** *bigo pero pa rin ako. APK_13* | Sinubukan ko naman na humakbang pang [**muli**] pero bigo pa rin ako. | Sa batayang halimbawang pahayag na ito, ang mag-aaral ay nakatamo ng kamalian sa angkop na anyo sa gamit ng ingklitik. Masusuri sa isinulat na tekstong naratibo sa isang mag-aaral na nagdudulot ito ng kalituhan sa pag-unawa. Sa paggamit nito ng ingklitik na tuloy na hindi naaangkop sa pahayag. Kaya higit na naaangkop ang paggamit dito ng muli sa pahayag. Sa pagbuo ng pangungusap, dapat magkaugnay ang mga katagang ikinakabit upang magpatuloy ang daloy at diwa ng pahayag. Kapag hindi maayos na maihanay ang pangyayari magdudulot ito ng kalituhan sa pag-unawa. |
| | *Hindi ko malilimutan na minsan niyang naitanong sa akin. Natatakot* ***kaba****? APK_4* | HIndi ko malilimutan na minsan niyang naitanong sa akin. Natatakot **ka** [**ba**]? | Sa korpus na ito, lantad ang kamalian ng mag-aaral sa angkop na anyo sa gamit ng ingklitik. Kapansin-pansin ang paggamit ng mag-aaral ng ingklitik na /ba/ na kung saan idinugto niya ito sa panghalip na /ka/ tuloy nabuo ang salitang kaba na may kaugnayan naman sa salitang natatakot. Dahil sa maling anyo ng ingklitik sa pangungusap, nagdulot ito ng kalituhan sa pag-unawa sa ideya. |
| | *Bukas lang kita mamahalin. APK_32* | Bukas **na** lang kita mamahalin. | Sa batayang korpus na ito, hindi maikakailang nagkaroon sa kamalian sa pagkaltas ng ingklitik na 'na'. Mapapansin sa tekstong naratibo na isinulat ng mag-aaral na hindi naging malinaw ang pahayag dahil kulang ito ng ingklitik na ginamit. Sa pagwawasto nito na dinadagdagan ng ng ingklitik na /na/ bago ang ingklitik na lang higit na naging malinaw ang pahayag. Dahil sa hindi angkop na pagkakagamit ng ingklitik na ito, tuloy hindi naging malinaw ang sintaks at estruktura ng pangungusap kung kaya nagdudulot ito ng kalituhan sa pag-unawa. |
| | *Meron akong ginagawa noong bata pa ako na hindi ko na pwedeng gawin ngayon ay dahil raw matanda na ako. (APK_32)* | Mayroon [**daw**] akong ginagawa noong bata pa ako na hindi ko na pwedeng gawin ngayon dahil matanda na ako. | Sa halimbawang pahayag na ito, hindi maikakailang nagkaroon ng kamalian sa pagkaltas ng ingklitik na "daw". Kapansin-pansin din ang kakulangan ng kaalaman tungkol sa tuntunin sa paggamit ng salitang may at mayroon. Ginagamit ang "may" kapag ang sinundang salita ay pangngalan, pang-uri, pandiwa. Ikinakabit naman ang ingklitik pagkatapos ng salitang "mayroon" o mga |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | panghalip palagyo. Ang kakulangan ng kaalamang ito ay nagdudulot ng kamalian sa sintaks na siyang dahilan ng kalituhan sa pag-unawa ng mag-aaral sa wastong gamit ng ingklitik sa isang pahayag. |
| | *Balang araw babawi din ako sayo mama at papa kong matigas man ang aking ulo papakita* ***kodin*** *sayo na balang araw makapagtapos din ako ng pag aaral. (APK_7)* | Balang araw babawi [rin] ako sa inyo mama at papa. Kung matigas man ang aking ulo ipakikita **ko rin** sa inyo na balang araw makapagtapos din ako ng pag aaral. | Sa halimbawang pahayag na ito hango sa tekstong naratibo ng mag-aaral, nakatamo ng kamalian sa maling pagpili ng kodin bilang inglitik sa pahayag. Ang din ay “too” o “also” sa Ingles habang ang ‘ko’ naman ay panghalip panao na tumutukoy sa unang panauhan.<br><br>Samakatuwid hindi maaaring gamitin ang ingklitik na din at ko sa iisang hanay dahil magkaiba ang dalawang kataga. Hindi maaaring lapian ang ko dahil ito ay panghalip.<br><br>Sa tuntunin ng balarila, ginagamit ang rin kung nagtatapos sa patinig at malapatinig na /w/ at /y/. Samakatuwid, dahil ang huling titik bago pa man ang ingklitik na din ay patinig kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/, ibig sabihin “rin” ang dapat ikabit na ingklitik dito. Ang hindi angkop na pagpili ng wastong ingklitik sa pahayag ay nakahahadlang sa kakayahang maipaabot ang pansariling ideya sa pagsulat ng teksto. |
| Nahahadlangan ang Kakayahang Makapagpahayag ng Ideya | *Bata* ***palang*** *ay namulat na ako sa katotohanan na kami ay mahirap lang* ***naman****. Ngunit ganon* ***paman*** *ay masaya at simple ang aming pamumuhay. APK_25* | Bata [**pa lang**] ay namulat na ako sa katotohanan na kami ay mahirap lang. Ngunit ganon [**pa man**] ay masaya at simple ang aming pamumuhay. | Sa halimbawang korpus na ito, kapansin-pansin ang kamalian sa angkop na anyo na gamit ng pa lang at pa man. Gaya ng aking nabanggit sa unang paliwanag na hindi maaring pagsamahin sa iisang salita ang dalawang ingklitik sapagkat magkaiba ang kahulugan ng bawat elemento nito. Hindi rin angkop ang paggamit ng katagang naman sapagkat ang kahulugan nito ay ‘instead’ na hindi akma sa diwa ng pahayag. Sa morpemang binubuo ng salitang-ugat marapat na paghiwalayin ang dalawang idinugtong na salita sapagkat pareho itong ingklitik at hindi rin maaaring lapian Dahil sa tuntunin sa tamang paghihiwalay ng dalawang magkaibang ingklitik na ito, nahahadlangan ang kakayahan ng mag-aaral na makapagpahayag ng ideya dulot ng kasalatan sa tuntunin ng wastong paggamit ng kataga. |
| | Naisip ko tuloy hanggang kailan **ba** siya mamahalin. APK_35 | Naisip ko tuloy, hanggang kailan ko [**nga] ba** siya mamahalin. | Sa batayang halimbawang korpus na ito, ang mag-aaral ay nakatamo ng kamalian sa pagkaltas sa ingklitik na nga. Sa paglalahad na ito ng isang mag-aaral gumamit ito ng ingklitik na /ba/ sa kanyang pag-aalinlangan sa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | pagmamahal. Subalit hindi masyadong nailalahad ang ideya sa kadahilanang nangangailangan pa ito ng isa pang pantulong na ingklitik upang higit na maipahayag ang ideya. Kung ating susuriing mabuti, ang kakulangan sa kataga ang nagdulot ng hindi malinaw na kaisahan ng pahayag. Bunga nito, nahahadalangan ang kakayahan ng isang mag-aaral na ipahayag ang kaniyang saloobin. |
| | Bata pa lamang ako ay sanay na ako sa kahirapan, kaya **rin** hindi ako natitinag sa mga pagsubok. APK_24 | Bata pa lamang ako ay sanay na ako sa kahirapan, kaya **tuloy** hindi ako natitinag sa mga pagsubok. | Mula sa halimbawang naratibo na ito, hindi maikakailang nagkaroon ng kamalian sa angkop na anyo na gamit ng ingklitik. Bakas ang paggamit ng mag-aaral sa ingklitik na /rin/ na kung saan sa paggamit nito nagdudulot ng kahirapan sa pag-unawa na nahahadlangan ang makapaglahad ng ideya dahil sa maling paggamit ng ingklitik na rin na sa halip ay tuloy. Ang maling paggamit ng angkop na ingklitik sa pahayag ay nagdudulot ng kalituhan kaya bunga nito, nahahadlangan ang kakayahan upang ipahatid ang sariling ideya. |
| | *Siguro hihinto ako sa pag-aaral sa darating na pasukan. APK_25* | Siguro hihinto **muna** ako sa pag-aaral sa darating na pasukan. | Sa isinulat ng isang mag-aaral na tekstong naratibo, makikita ang pagkakaltas ng ingklitik na muna at tuloy nagdulot ito ng kakulangan ng ideya. Hindi naging naipapakita sa pahayag ang walang katiyakan na mangyayari sa darating na pasukan.<br><br>Ang pagkakaltas ng ingklitik ay nakapagdudulot ng kawalang-kabisaan sa isang pahayag. Ang kasalatan sa paggamit ng angkop na ingklitik ay naging dahilan upang mahadlang ang kakayahan na makapagpahayag ng ideya. |
| | *Hindi na ako masyadong lumalabas ng bahay kasi nga hindi **nga lang naman** ako bata. APK_30* | Hindi na ako masyadong lumalabas ng bahay kasi hindi **na nga** ako bata. | Batay sa tekstong sulatin na ito, lantad ang kaguluhan sa pagkakaayos sa paggamit ng ingklitik sa pahayag. Hindi naging malinaw ang nais iparating ng tagapagsalita upang ipaliwanag ang kaniyang karanasan bilang nagdadalaga. Hindi kailangan ikabit ang hindi na kinakailangang kataga dahil nagdudulot lamang ito ng kalituhan. Nagkakaroon ng kahirapan sa pagpapaabot ng mensahe ng pahayag dahil sa maling pagkakaayos ng mga ingklitik sa pangungusap. Dulot ng kamaliang ito, nahahadlangan nito ang kakayahan ng mag-aaral na ipahayag ang ideya. |
| | *Marami **din** akong kapitbahay na kaibigan noon at* | Marami **rin** akong kapitbahay na kaibigan noon at palagi kaming | Sa halimbawang tekstong sulatin na ito, ang mag-aaral ay nakatamo ng kamalian sa hindi angkop na pagpili ng ingklitik sa pahayag. Sa |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *palagi kaming naglalaro sa labas. (APK_18)* | naglalaro sa labas [ng aming bahay]. | tuntunin ng balarila, ginagamit ang rin, kung nagtatapos sa patinig at malapatinig na /w/ at /y/. Samakatuwid, dahil ang huling titik bago pa man ang ingklitik na din ay patinig kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/, ibig sabihin rin ang dapat ikabit na ingklitik dito. Ang hindi angkop na pagpili ng wastong ingklitik sa pahayag ay nakahahadlang sa kakayahang maipaabot ang pansariling ideya sa pagsulat ng teksto. |
| Nalilimitahan ang Kaalaman sa Paglimi ng Preskriptibong Tuntunin ng Wika | *Noong akoy musmus* ***palamang*** *ay iniwan na kami ng aming ina. APK_38* | Noong [ako'y musmos] **pa lamang** ay iniwan na kami ng aming ina. | Batay sa tekstong sulatin na ito, makikita ang kamalian sa angkop na anyo ng gamit ng ingklitik na pa lamang. Kung ating susuriin batay sa halimbawang kurpos, malinaw ang kapuna-punang pagkakabit ng mag-aaral sa dalawang magkaibang kataga bilang isang salita. Kung isa-isahin ang katagang ito, ang katagang pa ay nangangahulugang 'already' at lamang ay 'only'. Malinaw na magkaiba ang kahulugan ng bawat kataga. Sa tuntunin ng morpolohiya, marapat na paghiwalayin ang dalawang katagang 'palamang' na pinagdugtong sapagkat pareho itong ingklitik. Sa huli bunga nang maling ingklitik na ginamit, nalilimitahan ang kaalaman sa paglimi ng preskriptibong tuntunin ng wika |
| | *Batid kong may mga pagkakamali akong nagawa subalit pilit ko* ***pa din*** *itong itinatama. APK_29* | Batid kong may mga pagkakamali akong nagawa subalit pilit ko **pa rin** itong itinatama | Sa isinulat ng mag-aaral na tekstong naratibo mapapansin na gumamit ito ng dalwang ingklitik ang pa din. Gayundin makikitaan ito ng pagkakamali sa tuntunin ng balarila at tuntunin sa wika sapagkat ang naunang ingklitik na /pa/ ay nagtatapos sa patinig kaya marapat na ang kasunod na ingklitik ay /rin/ hindi magiging /din/. Ang kamalian ay maituturing na hindi katanggap-tanggap kung kaya nalilimitahan nito ang paglilimi sa preskriptibong tuntunin ng wika at lumalabag sa tuntunin ng mabuting pagpapahayag. |
| | *May mga pagkakataon na nagkakamali ako subalit batid ko* ***nasa*** *akin ang pagkakataon upang ito ay maitama. APK_27* | May mga pagkakataon na nagkakamali ako subalit batid ko **na sa** akin pa rin ang pagkakkataon upang ito'y maitama. | Sa korpus naman na ito, kapansin-pansin ang kamalian ng mag-aaral sa angkop na anyo na gamit ng ingklitik. Mapapansin ang paggamit ng mag-aaral sa ingklitik /na/ na idinugtog niya ito sa pantukoy /sa/ na kung saan nagdudulot ito ng kamalian sa preskriptibong tuntunin ng wika. Dahil ang nabuong nasa ay nangangahulugang hangad. Nagkakaroon ng kalituhan sa kahulugan ng mensahe dahil maaaring ang salita na ginamit ay may iba pang kahulugan. Ang kamalian sa paggamit ng angkop na kataga ay |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 9 | September 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | nalilimitahan nito ang kaalaman sa paglilimi sa preskriptibong tuntunin ng wika. |
| | *Bukas ko **nalang** ipagpatuloy ang aking ginagawa kasi inaantok na ako. APK_28* | Bukas ko [**na lang**] ipagpatuloy ang aking ginagawa kasi inaantok na ako. | Mula sa teksong naratibo na ito, malinaw ang kamalian sa angkop na anyo ng ingklitik sa pangungusap. Mababakas ang paggamit ng dalawang ingklitik sa pangungusap. Subalit ang dalawang ingklitik na ito ay idikit na hindi naman naaayon Ang dalawang ingklitik ay may iba't ibang kahulugan at gamit sa isang pahayag. Batay sa tuntunin, hindi maaaring idugtong ang dalawang ingklitik sa iisang salita sapagkat hindi ito pandiwa na maaaring lapian. Dulot ng maling anyo ng ingklitik na ginamit sa pahayag, nalilimitahan ang preskriptibong tuntunin ng barilang Filipino. |
| | *Sakto alas 2 ng hapon lumabas ako sa aming bahay pati **nadin** kapatid ko. (APK_49)* | Sakto alas 2 ng hapon lumabas ako sa aming bahay pati **na rin** ang kapatid ko. | Sa halimbawa naman na ipinakita sa naratibong ito, lantad ang kamalian sa paggamit ng ingklitik na na at din. Ayon sa tuntunin, hindi maaaring ikabit sa iisang posisyon ang dalawang magkaibang ingklitik upang ilahad ang iisang kahulugan kung kaya kinakailangan sa pagbuo ng salita ay malaman ang tuntunin ng wika.<br><br>Sa pagwawasto batay sa preskriptibong balarila ukol sa pagpapalitan ng /d/ at /r/, kapag ang huling titik sa naunang salita ay nagtatapos sa patinig o malapatinig na /w/ at /y/ kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/. Kaya magiging "na rin". Naaapektuhan ang kanilang kasanayan sa pang-unawa kaya nalilimitahan ang kanilang kaalaman sa tuntunin ng wika. |
| | *Palagi kaming pumunta sa aming bukid para maghanap ng aming makakain doon **nadaw** kami makakatulog dahil hindi naming pababayaan ang aming alagang hayop. (APK_5)* | Palagi kaming [pumupunta] sa aming bukid para maghanap ng aming makakain, doon **na raw** kami [matutulog] dahil hindi namin pwedeng [pabayaan] ang aming alagang hayop. | Sa korpus na ito, malinaw ang kamalian sa paggamit ng na at daw upang ipabatid ang isang pangyayari. Ayon sa tuntunin, hindi maaaring ikabit sa iisang salita ang dalawang magkaibang ingklitik upang ilahad ang iisang kahulugan.<br><br>Ang angkop na salita ay "na raw" ibig sabihin tiyak ang pangyayari pero hindi makompirma kung totoo sapagkat ito ay ipinaabot lamang na pahayag mula sa pangunahing tagapagsalita. Ang ingklitik na raw ang gagamitin sa halip na daw sapagkat batay sa tuntunin ng pagpapalitan ng /d/ at /r/, kapag ang huling titik sa naunang salita ay nagtatapos sa patinig o malapatinig na /w/ at /y/ kinakailangan palitan ang /d/ sa /r/. Kaya magiging "na raw". |

**Pangwakas na Pahayag**

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral hango sa mga tekstong naratibo, natuklasan ang pagkakaroon ng morpolohikal na kamalian sa wastong paggamit ng ingklitik. Ang kongkretong ebidensiya mula rito ay magiging sanligang batayan sa lahat ng mga tagapagturo sa asignaturang Filipino upang pag-ibayuhin pa ang pagpupunyal ng kaalaman sa mga mag-aaral na may suliranin sa larang na ito sapagkat nagiging balakid ang kakulangan ng kanilang kaalaman sa paglikha ng isang makabuluhang sulatin. Magbibigay kaalaman din ang pag-aaral na ito upang mapalawak ang kanilang pag-unawa sa konteksto ng wika at mapayaman ang leksikal na kaalaman sa tuntunin ng balarilang Filipino.

**REKOMENDASYON**

Malinaw ang implikasyon ng pag-aaral na ito na nagmumungkahi para sa karagdagang pag-aaral na makatutulong sa tagapagturo ng wika kung paano masolusyunan ang natamong pagkakamali ng mag-aaral sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng tekstong naratibo. Dagdag pa rito, ang pag-aaral na ito ay nagmumungkahi sa isang masinop na pagsusuri sa preskriptibong tuntuning pangwika partikular na sa paggamit ng ingklitik.

Lubos ding iminumungkahi ang pagsisiyasat at pag-aaral sa iba pang ingklitik maliban sa mga espisipikong ingklitik na nabanggit sa pananaliksik na ito na maaaring nakaimpluwensiya pa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pasulat o pasalitang diskurso. Sa ganitong paraan mas mapalalim pa ang pagtuturo ng balarilang Filipino sa mga mag-aaral na makatutulong sa mga tagapagturo upang lalong mapayabong ang kanilang kakayahan sa pagtuturo.

**TALASANGGUNIAN**

1. *AnderBois, S. (2023). Tagalog pala: An Unsurprising Case of Mirativity. Discourse Particles in Asian languages Vol. 2. Routledge Publishing. New York. U.S.A*
2. *Bulaong, Maria (2020). TV Newscasting Analysis: Towards Establishing Grammar Rules in Filipino Broadcast News. Retrieved from http//doi.org/10.2139/ssrn.3463157.*
3. *Ganoso, Chris V. (2019). Panunuri sa Gamit at Kaligiran ng Ingklitik na Po/Ho. Filipino Studies Program University of Hawai'i, Hawai'I, USA.*
4. *Klimenko, Sergei B. (2022). Conjunctions, Clisis and Topicalization in Tagalog. Institute for Linguistic Studies, Russian Academy of Sciences (St. Peterburg, Russia).*
5. *Misa, R. (2021). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade-9 Laboratory High School ng President Ramos Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, Vol. 5, Issue 10, pp. 58-68.*
6. *Paputungan, F.M (2022). An Analysis on Student's Difficulties in Intermediate English Grammar Course 2022. Journal of English Teaching and Linguistic Issues Vol. 1.*
7. *Sawayan, J., Alombro, K., Dinampo R. (2020). Kasanayan ng mga Piling Mag-aaral ng Senior High School sa Dalawang Mataas na Paaralan sa Sangay ng Malaybalay sa Paggamit ng Ingklitik (Panukalang Pananaliksik). Malaybalay, Bukidnon.*
8. *Tagarro, Carlo (2023). Kabisaan ng Lokalisadong Digitized Booklet Bilang Interbensyong kagamitan sa Kalinangan ng Pagkatuto sa Araling Panggramatikang Ingklitik ng mga Piling Mag-aaral. Retieved from www.scribd.com/685547511/Filipino-Digitized-Booklet.*
9. *Tanenbaum, Russel (2020). Untangling Tagalog Clitic Cluster. Journal of Southest Asian Linguistics (JSEAL) pp. 80-82.*
10. *Tubera Jr. R. (2024). Paggalugad sa mga Kamalian sa mga sulatin sa Filipino ng mga Dayuhang Mag-aaral: Isang Pagsusuri. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research Vol. 1.*